ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# KAKAYAHAN AT ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG ASIGNATURANG FILIPINO BILANG PREDIKTOR SA PAGKATUTO NG PANITIKANG FILIPINO: ISANG EXPLANATORY SEQUENTIAL MIXED METHODS

**Glyce B. Buisan, MAEd[1], Noemi N. Bernaldez, PhD.[2]**
[1]*Teacher III, Valeria B. Lopez Integrated School*
[2]*Part-Time Professor, University of the Immaculate Conception*
**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra24517**
**DOI No: 10.36713/epra24517**

## ABSTRAK

Ang layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin kung ang kakayahan at estratehiya sa pagtuturo ng mga guro sa asignaturang Filipino ay maaaring maging prediktor sa pagkatuto ng panitikang Filipino ng mga mag-aaral sa Baitang 7 sa Rehiyon XII. Ginamit pag-aaral ang explanatory sequential mixed methods design. Sa kwantitatibong bahagi, ginamit ang hinalaw at balidong talatanungan na ipinamahagi sa 300 na respondente, samantalang sa kwalitatibong bahagi, 17 na kalahok mula sa 300 na respondente ang pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Sa mga ito, sampu (10) ang sumailalim sa in-depth interview (IDI) at pito (7) sa focus group discussion. Lumabas sa pag-aaral na ang mga guro ay may pinakamataas na antas ng kakayahan (M = 4.54) at estratehiya sa pagtuturo (M = 4.52), gayundin ang pagkatuto ng mga mag-aaral (M = 4.57). Ipinakita ng multiple regression analysis na ang estratehiya sa pagtuturo ($\beta = 0.6702$, $p < .001$**)** ay may makabuluhang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral, samantalang ang kakayahan sa pagtuturo ($\beta = 0.0624$, $p = .269$) ay walang direktang makabuluhang epekto. Pinagtibay ito ng kwalitatibong datos na nagpapakita na mas nagiging epektibo ang pagkatuto kapag ang mataas na kakayahan ng guro ay sinasabayan ng malikhaing estratehiya. Dagdag pa, ang integrasyon ng kwantitatibo at kwalitatibo resulta ay mayroong dalawang anyo–ang pag-uugnay-hindi pagkakatugma, at ang pag-uugnay–pagpapatibay.

**MGA SUSING SALITA:** kakayahan sa pagtuturo, estratehiya sa pagtuturo, pagkatuto ng panitikang Filipino, explanatory sequential mixed methods

## INTRODUKSYON

Ang kakayahan sa pagtuturo ay tumutukoy sa kahusayan ng isang guro sa pagpapaliwanag ng mga konsepto, paggamit ng mabisang estratehiya, at pagpapatibay ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinunto ni Del Rosario (2024) na maraming guro sa panitikan ang kulang sa sapat na pagsasanay sa makabago at *learner-centered* na pamamaraan, na nagreresulta sa mababang pag-unawa at interes ng mga mag-aaral sa mga tekstong pampanitikan. Samantala, natukoy nina Reyes at Dizon (2024) na ang pagganap ng guro at pagpili ng estratehiya sa pagtuturo ay malaki ang impluwensiya ng mga kontekstuwal na salik tulad ng akses sa kagamitang pampagtuturo, kakayahang teknolohikal, at suporta sa instruksyon. Sa pag-aaral nina Santos at Ramirez (2022), ipinakita na ang pagbaba ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa at ang kahirapan nilang unawain ang masalimuot na wika ng panitikan ay direktang bunga ng limitadong paggamit ng mga inobatibo at interaktibong pamamaraan ng mga guro.

Sa global na konteksto, ayon sa pag-aaral ni Alem (2020), maraming hadlang ang nararanasan ng mga mag-aaral sa Ethiopia sa pag-aaral kabilang dito ang negatibong pananaw sa mga tekstong pampanitikan, kakulangan sa kaalaman at kasanayan ng mga guro, limitadong *access* sa mga babasahin, at sobrang dami ng mag-aaral sa klase. Kaugnay nito, sa pag-aaral ng panitikan sa wikang Ingles sa Indonesia, napag-alaman nina Jaufillaili, et al (2021) na nahihirapan ang mga mag-aaral sa suliraning pangwika at pagkakaibang kultural, angkop na akdang pampanitikan, at mga metodolohiyang angkop sa mga mag-aaral. Sa Nigeria, tinukoy ni Ugwu (2022) sa kaniyang pag-aaral na marami sa mga pampublikong paaralan ang kulang sa pinansiyal na pondo para sa edukasyon, na nagreresulta sa kakulangan sa pangunahing mga kagamitan tulad ng aklat at pantulay na materyales. Ang malalaking bilang ng mag-aaral sa bawat silid-aralan (overcrowded classrooms) at hindi sapat na mastery ng mga guro sa makabago at estratehikong pedagogical approaches sa pagtuturo ng panitikan, na nagdudulot ng mababaw o surface-level na pag-unawa lamang sa mga tekstong pampanitikan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Sa Pilipinas, ipinakita sa pag-aaral ni Del Rosario (2024) sa tatlong pampublikong sekundaryang paaralan sa *Southern Nueva Vizcaya*, natukoy ang suliranin sa mababang pag-unawa ng mga mag-aaral sa masalimuot na bokabularyo at simbolismo sa panitikan, na nagdudulot ng mababaw na interpretasyon at kawalan ng kritikal na pag-iisip. Samantala, sa pananaliksik nina Egar at Oliva (2024) sa *Division of Bukidnon*, lumitaw ang mahinang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbibigay-kahulugan at pagsusuri ng mga akdang pampanitikan, na bunga ng kakulangan sa pagkakalantad sa panitikan at gabay ng guro. Sa pag-aaral naman nina Aringay at Napil (2023) sa mga sekondaryang paaralan sa *Davao Region*, natukoy ang pagbaba ng interes at pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan dahil sa paggamit ng *modular learning* at kakulangan ng interaksyon sa guro.

Sa Rehiyon XII, sa pag-aaral ni Dumato (2025) na isinagawa sa *Esperanza National High School* sa Esperanza, Sultan Kudarat, natukoy na ang mga mag-aaral na Maguindanaon sa ika-walong baitang ay may mababang antas ng literal at malikhaing pag-unawa sa mga tekstong pampanitikan, partikular sa pagkilala sa tema, pagsasalaysay, at malikhaing interpretasyon. Ipinakita naman sa pananaliksik nina Rebucias at Mangaron (2024) sa mga piling paaralan sa *General Santos City* ang kakulangan ng mga mag-aaral sa interpretatibong pag-unawa at motibasyon sa pagbasa ng panitikan, na nagreresulta sa mababang pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan. Samantala, sa pag-aaral nina Nalud at Mangindra (2025) na isinagawa sa *Sultan Kudarat State University – Palimbang Campus* sa Palimbang, Sultan Kudarat, natukoy na ang mga mag-aaral sa teacher education program ay nahihirapan sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan at sa paggamit ng mga epektibong estratehiya sa pagtuturo ng Panitikang Pilipino, bunga ng kakulangan sa kasanayan sa literari analysis**.**

Sa isinagawang pag-aaral nina Hernando et al. (2023) sa UM Panabo College na gumamit ng descriptive correlational method upang suriin ang ugnayan ng kakayahan ng guro at kaganyakan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Nakita ang makabuluhang ugnayan ($r = 0.431$, $p < 0.05$) sa pagitan ng dalawang baryabol, na nagpapahiwatig na ang mataas na kakayahan ng guro ay may positibong epekto sa kagustuhan ng mag-aaral na matuto. Pinatunayan din ni Daza (2021), ang paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo ng wika at panitikan ay may positibong epekto sa kaantasan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinakita na ang mga interaktibong estratehiya tulad ng kolaboratibong pagkatuto ay nakatutulong upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral at mas mapalalim ang kanilang pag-unawa sa aralin.

Bagama't maraming pag-aaral ang nag-ugnay sa kakayahan ng guro, estratehiya sa pagtuturo, at pagkatuto ng mga mag-aaral, kakaunti o halos walang pananaliksik sa Rehiyon XII na gumamit ng tatlong baryabol (kakayahan ng guro, estratehiya sa pagtuturo, at antas ng pagkatuto) gamit ang sequential explanatory mixed-methods design**,** lalo na sa asignaturang Filipino sa Baitang 7 sa Rehiyon XII.

Ibabahagi ng mananaliksik ang resulta ng pag-aaral na ito sa paaralang kaniyang pinagtuturuan sa pamamagitan ng pagpresenta nito sa mga pagpupulong tulad ng Learning Action Cell kasama ang kaniyang mga kapwa guro sa Junior High School. Dagdag pa rito, ibababahagi rin ng mananaliksik ang pag-aaral na ito sa pangklaster, dibisyon at rehiyonal na mga seminar, pagsasanay at palihan ng mga guro sa Filipino. Higit pa rito, ilalahad din ito sa nasyonal at internasyonal na mga komperensya sa pananaliksik bukod pa ang paglalathala nito bilang pang-internasyonal na dyornal para sa mas malawak na diseminasyon.

**Layunin ng Pag-aaral**

Layunin ng explanatory sequential mixed methods design na ito na tukuyin kung paanong ang antas ng kakayahan at estratehiya sa pagtuturo ng Filipino ay naging prediktor sa pagkatuto ng panitikang Filipino sa Baitang 7 ng mga pampublikong paaralan sa Rehiyon XII. Sa kwantitatibong bahagi, nangolekta ng datos mula sa mga mag-aaral sa ika-pitong baitang upang masukat ang ugnayan ng mga baryabol. Kasunod nito, isinagawa ang kwalitatibong yugto upang higit na maipaliwanag at mapagtibay ang mga natuklasan sa estadistikang resulta.

**Katanungan sa Pananaliksik**

1. Ano ang antas ng kakayahan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ng mga guro batay sa:
   1.1. pagpaplano;
   1.2. pag-unlad;
   1.3. resulta?
2. Ano ang antas ng estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ng mga guro batay sa;
   2.1. pamamaraang pagtalakay (lecture method);
   2.2. pagbubuo ng kaisipan (brain storming);
   2.3. pagsasadula (role playing method);
   2.4. malayang pagkatuto (independent learning);
   2.5. simulasyon (simulation);
   2.6. pamamaraang proyekto (project method); at,
   2.7. pagkukunang komunidad (community resources)?
3. Ano ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa panitikang Filipino batay sa;
   3.1. paglinang ng kasanayang pangwika ng mag-aaral:
   3.2. paglinang ng kamalayang kultural ng mga mag-Aaral
   3.3. paglinang ng personal na pag-unlad ng mga mag-aaral.
   3.4. pagtugon at Interes sa Pagkatutong Pampanitikan.
4. Ano ang makabuluhang impluwensiya sa pagitan ng:
   4.1 kakayahan at pagkatuto;
   4.2 estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto?
5. Ano ang paninindigan ng mga kalahok batay sa kwantitatibong resulta?
6. Paano naipaliliwanag ng kwalitatibong resulta ang kwantitatibong resulta ng pag-aaral?

**Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura**

*Kakayahan sa Pagtuturo ng Guro ng Panitikan*

Sa iba't ibang pag-aaral, ang maayos na pagpaplano ng aralin ay tumutulong sa guro upang epektibong maihatid ang mga layunin ng pagtuturo at magamit ang angkop na estratehiya sa klase. Dagdag pa nito, ang paghahanda at pagpaplano ay isang mahalagang bahagi ng epektibong pagtuturo. Kapag epektibo ang isang guro, ay matiwasay na naisagawa ang pagtuturo. Ang paghahanda at pagpaplano ay kailangan sa lahat ng gawain sa pagtuturo upang magiging mabisa ang pagtuturo. Ito ay malaking tulong sa pagkakaroon ng lubusang pagkatuto ng bawat mag-aaral (Meador, 2019). Dagdag pa, ang pagpaplano ng guro ay kasama rin sa kawilihan ng mga mag-aaral sa kurso, kawilihan ng guro sa pagtuturo, ang kagamitang pampagkatuto, ang pagiging laging handa ng guro sa pagtuturo, ang kalidad ng kagamitang pampagkatuto, ang paraan ng guro sa pagbibigay ng motibasyon sa mga mag-aaral upang magiging aktibo sa partisipasyon sa klase at ang *workload* ng mga guro (Marsh, 2015). Nabanggit sa pag-aaral nina Saavedra et al., (2020), bagaman lumabas sa kanilang pag- aaral na ang mga guro ay mataas ang kakayahan, kinakailangan pa rin na patuloy na hinahasa ang kakayahan upang magkaroon ng maayos na pagbabago mula sa pagtuturo lamang sa loob ng pisikal na silid-aralan patungo sa makabagong pamamaraang birtwal gamit ang makabagong teknolohiya ngunit sa pag-aaral na ito ay hindi lamang tinitingnan ang kakayahan at persepsyon ng kaguruan bagkus pati na rin ang mga mag-aaral lalo pa at ang mga mag-aaral ang sentro ng pagkatuto sa mga kagamitang pampagtuturong gagamitin sa mga asignaturang Filipino na isa sa mga asignaturang pinapahalagahan noon hanggang ngayon. Ito ay alinsunod sa Saligang Batas 1987 ng Republika ng Pilipinas at ipinagtibay ng Ched Memorandum Order (CMO) Bilang 20 serye 2013. Ang pag-aaral ng wikang Filipino ay napakahalaga sapagkat kahit alam nating bigkasin ang wikang ito ay marami pa tayong kailangang malaman at matutuhan na sa paaralan lamang malilinang habang ang kasanayan sa pagtuturo ng panitikan ay nagsisigurong naipadadama at naipaliliwanag ang masalimuot na mga akdang pampanitikan sa paraan na maiintindihan at mapahahalagahan ng mga mag-aaral.

*Estratehiya sa Pagtuturo ng Guro ng Panitikan*

Ang pag-aaral ni Santos at Villanueva (2022) hinggil sa *Project-Based Learning* sa pagtuturo ng wika, natuklasan na ang pagbibigay ng malalim at kolaboratibong gawain ay nagdudulot ng mataas na antas ng *kritikal na pag-iisip* at *kasanayan sa paglutas ng problema* ng mga mag-aaral. Ang resulta ay naaayon sa kasalukuyang pananaliksik kung saan ipinapakita nito na ang paggawa ng mga proyekto, pananaliksik, at malikhaing resulta ay mahalagang salik sa pagpapaunlad ng kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral sa Asignaturang Filipino. Pinatotohanan din ito ni Reyes (2022) sa kanyang pananaliksik na ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na bumuo ng kaisipan sa pamamagitan ng pagtatanong, diskusyon, at pagbibigay-opinyon ay nakapagpapalalim ng *pansariling pagkatuto* at metacognition. Binigyang-diin sa pananaliksik ni Mendoza (2021), natuklasan na ang paggamit ng mga estratehiyang nakabatay sa pamayanan at aktibong metodolohiya gaya ng pagsasadula at simulasyon ay nakapagbibigay ng tunay na karanasan sa pagkatuto sa mga mag-aaral.

*Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Panitikan*

Ang panitikan ay mahalagang bahagi ng kurikulum sa Filipino sapagkat ito'y hindi lamang naglilinang ng kasanayang pangwika kundi nagiging daan din sa paghubog ng kamalayang kultural, personal na pag-unlad, at interes ng mga mag-aaral sa pagkatutong pampanitikan. Sa paglipas ng panahon, ang pagtuturo ng panitikan ay humaharap sa iba't ibang hamon, lalo na sa panahon ng makabagong teknolohiya at pandemya, subalit nananatili itong mabisang kasangkapan sa pagpapayaman ng kaalaman at pagpapalawak ng pananaw ng kabataan. Pinatutunayan ng pag-aaral ni Daza (2021) tungkol sa *Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino: Tugon sa Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Panahon ng Pandemya*, natuklasan na ang paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo ay may mahalagang ambag sa pagtaas ng antas ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral. Bukod dito, nakatutulong din ito sa pagpapaigting ng kamalayang kultural sapagkat nailalapit sa mga mag-aaral ang mga tekstong sumasalamin sa kanilang identidad at karanasan. Dagdag pa rito, ang mga inobatibong estratehiya ay nakapagpapaunlad ng personal na kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa, kritikal na pagsusuri, at malikhaing pag-iisip. Samakatuwid, ipinapakita ng naturang pag-aaral na mahalaga ang ugnayan ng wasto at epektibong estratehiya ng guro sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa panitikan. Samantala, ang pag-aaral nina Espinosa at Calisang (2021) na pinamagatang *Hamon ng Mag-Aaral Kaugnay sa Pagkatuto at Pagpapahalaga ng Panitikan sa Filipino* ay nagpakita ng mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral tulad ng kawalan ng sapat na interes, limitadong kaalaman sa kultura, at kakulangan ng epektibong pagtuturo na nakakaapekto sa kanilang antas ng pagkatuto. Subalit ipinakita rin ng resulta na sa pamamagitan ng angkop na pamamaraan ng guro, nadaragdagan ang interes at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawaing pampanitikan. Napatunayan dito na ang pagtugon at interes ng mag-aaral ay nakadepende hindi lamang sa sariling disposisyon kundi higit sa lahat sa husay at estratehiyang ginagamit ng guro.

## METODO

**Disenyo**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng explanatory sequential mixed methods sa pamamagitan ng *descriptive correlational* at *descriptive qualitative* na disenyo. Ayon kay Li et al. (2015), ang mixed methods research design ay isang metodolohiya na pinagsamang kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan sa proseso ng pananaliksik, mula sa mga pilosopikal na pagpapalagay hanggang sa pangangalap ng datos at interpretasyon. Higit pa rito, ang isang explanatory sequentia mixed methods naglalayong maglahad ng pangkalahatang paglalarawan at pagpapakahulugan sa suliranin ng pananaliksik sa pamamagitan ng mga

kwantitatibong datos na binigyan ng mas malawak na pagsusuri gamit ang kuwalitatibong impormasyon mula sa mga naging kalahok ng pag-aaral (Creswell & Clark, 2007). Bilang katiyakan, sa kwantitatibong bahagi pananaliksik, sinukat ang antas ng kakayahan at estratehiya ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan, at pagtukoy sa makabuluhang impluwensya ng malayang baryabol sa pagkatuto ng mag-aaral. Ang mananaliksik ay gumamit ng deskriptibong estadistika tulad ng *mean* at *standard deviation* upang ilarawan ang antas ng kakayahan sa pagtuturo, estratehiya sa pagtuturo at pagkatuto ng mag-aaral ng panitikang Filipino sa baitang 7 ng Rehiyon XII. Dagdag pa, ang mananaliksik ay gumamit ng *pearson r correlation*, at *multiple linear regression analysis* sa pag-alam sa makabuluhang ugnayan ng mga baryabol bilang prediktor sa pagkatuto ng panitikan. Sa kwalitatibong bahagi, ginamit ang *thematic analysis* upang mailarawan ang paninindigan ng mga kalahok batay sa kwantitatibong resulta.

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa baitang 7 ng mga pampublikong paaralan ng Rehiyon XII o SOCCSKSARGEN Region. Ang mananaliksik ay gumamit ng *simple random sampling* upang matukoy ang 300 na mga kalahok sa pag-aaral sa kwantitatibong bahagi. Sa kabilang banda, para sa mga kalahok sa kwalitatibong bahagi, mayroong 17 mag-aaral ang sumailalim sa in-depth interview at focus group discussion. Sila ay kinilala sa pamamagitan ng purposive sampling technique at kinuha mula sa mga respondente ng kwantitatibong bahagi ng pag-aaral

## RESULTA AT DISCUSSION

### Antas ng Kakayahan ng Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

**Talahanayan 1**

Antas ng Kakayahan ng Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

| Aytem | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| **A. Pagpaplano** | | | |
| 1. nakapagbibigay nang malinaw na impormasyon hinggil sa layunin, bibliyograpiya, *pagtuturo*, nilalaman at metodong paggabay sa mga asignatura sa kurikulum. | 4.73 | 0.593 | Pinakamataas |
| 2. nakadidisenyo at nakapag-uugnay ng mga nilalamang pangklasrum tungo sa nilalamang panglabotoryo. | 4.46 | 0.823 | Pinakamataas |
| 3. maayos na nailalapat at nagagamit ang Information and Communication Technology | 4.46 | 0.893 | Pinakamataas |
| 4. mahusay sa nilalaman ng kurso. | 4.49 | 0.837 | Pinakamataas |
| **Mean ng Kategorya** | **4.54** | **0.561** | **Pinakamataas** |
| **B. Pag-unlad** | | | |
| 1. ipinakikita ang kinakailangang nilalaman ng paksa na naaayon sa kaalaman ng mga mag-aaral) | 4.56 | 0.815 | Pinakamataas |
| 2. madaling lapitan o kontakin (sa pamamagitan ng *pagtuturo*, *e-mail*, at iba pa. | 4.40 | 0.822 | Pinakamataas |
| 3. pinapayagan ang mag-aaral na ayusin at ipamahagi ang bahagi ng mga gawaing kailangang isagawa sa kurso. | 4.66 | 0.831 | Pinakamataas |
| 4. ipinapakita ang mga nilalaman batay sa malinaw at lohikal na balangkas na nagtatampok sa mga mahalagang aspekto. | 4.44 | 0.854 | Pinakamataas |
| 5. Pinapayagan at hinihikayat ang partisipasyon ng mga mag-aaral. | 4.61 | 0.739 | Pinakamataas |
| 6. Binibigyang halaga ang indibidwal na gawain. | 4.57 | 0.829 | Pinakamataas |
| 7. Itinataguyod ang pangkatang gawain. | 4.53 | 0.849 | Pinakamataas |
| 8. iniuugnay ang pagtuturo sa isang kaligirang pampropesyunal. | 4.46 | 0.802 | Pinakamataas |
| 9. nagbibigay ng inisyal at pinal na pangkalahatang pananaw sa bawat sesyon at/o asignatura ng klase. | 4.48 | 0.848 | Pinakamataas |
| 10. ihikayat ang interes ng mga mag-aaral at ang motibasyon upang matuto. | 4.60 | 0.822 | Pinakamataas |
| 11. gumagabay sa interaksyon ng mag-aaral sa kapwa mag-aaral at mag-aaral sa propesor/guro. | 4.59 | 0.798 | Pinakamataas |
| 12. lumalahok at tumutugon nang malinaw sa mga tanong na ibinibigay ng mga mag-aaral sa klase. | 4.64 | 0.696 | Pinakamataas |
| 13. may kasapatang lumalahok sa mga hinihinging tutorials sa kaniya. | 4.46 | 0.787 | Pinakamataas |
| 14. napananatili ang layunin at ang paggalang sa mga mag-aaral. | 4.56 | 0.834 | Pinakamataas |
| 15. nakapag-oorganisa ng mga gawain para sa mga mag-aaral na aktibong nalalahukan sa itinakdang kurso. | 4.54 | 0.885 | Pinakamataas |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| 16. naitatagpi-tagpi at nabibigyan ng integrasyon ang paksang-aralin sa iba pang mga asignatura. | 4.47 | 0.786 | Pinakamataas |
| 17. nakapagbibigay ng malinaw na interaksyon sa kanyang mga mag-aaral. | 4.52 | 0.823 | Pinakamataas |
| **Mean ng Kategorya** | **4.53** | **0.513** | **Pinakamataas** |
| **C. Resulta** | | | |
| 1. ipinapaalam sa mga mag-aaral ang mga kasanayan/ kompetensi na inaasahan nilang matamo. | 4.50 | 0.923 | Pinakamataas |
| 2. nagbibigay sa akin ng siyentipikong impormasyon na nagpapahintulot sa akin na magkaroon ng mas mabuti at mas malalim na pag-unawa sa paksa. | 4.52 | 0.879 | Pinakamataas |
| 3. pinauunlad ang pananaliksik at ang mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral. | 4.60 | 0.767 | Pinakamataas |
| 4. Ipinapatupad ang itinakdang kurikulum na may sapat na kaluwagan upang magkaroon ng mas mahusay na dinamiko sa klase. | 4.61 | 0.683 | Pinakamataas |
| 5. gumagamit ng mga kagamitang na nagtataguyod ng pagkatuto. | 4.46 | 0.811 | Pinakamataas |
| 6. idinisenyo ang nilalaman at binuo ang kurso upang maisulong ang pagkatuto ng mga propesyonal na kasanayan. | 4.50 | 0.812 | Pinakamataas |
| 7. ipinapatupad ang mga pamantayan sa pagtataya ng mga gawain ayon sa itinakda sa kurikulum ng asignatura. | 4.43 | 0.954 | Pinakamataas |
| **Mean ng Kategorya** | **4.52** | **0.568** | **Pinakamataas** |
| **Kabuoan** | **4.53** | **0.467** | **Pinakamataas** |

Ang resulta ay nagpapakita ng matinding saloobin ng mga respondente sa kanilang walang humpay na pagkatuto mula sa ipinakitang mataas na antas ng kakayahan ng guro sa pagtuturo. Ipinahihiwatig nito na ang mga guro sa asignaturang Filipino sa baitang 7 ng Rehiyon XII ay may kakayahan sa *pagpaplano* ng aralin, *pagpapaunlad* ng proseso ng pagtuturo, at sa pagtiyak ng inaasahang *resulta* ng pagkatuto. Ang mataas na antas ng kakayahan ay indikasyon ng kahandaan ng mga guro na magbigay ng makabuluhang karanasan sa pag-aaral, na siyang nakatutulong upang mapataas ang kalidad ng edukasyong pampanitikan at pangwika ng mga mag-aaral

Ang natuklasan ay nauugnay sa pag-aaral nina González, Gómez, at Pinzón (2020), kinakailangan ang mas espesipikong pagpaplano ng guro upang mas matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mag-aaral. Samantala, ipinakita nina Garcia et al. (2024) sa *Systematic Review of Professional Development Programs for Teachers in the Philippines* na ang patuloy na pagsasanay at kooperasyon sa mga gawain ay nagpapahusay sa propesyonal na pag-unlad ng guro. Dagdag pa, Dagdag pa rito, ipinakita nina Darling-Hammond, Hyler, at Gardner (2020) na ang mataas na kalidad ng propesyonal na pag-unlad ng guro ay nakaugnay sa mas mataas na resultang pang-akademiko.

### Antas ng Estratehiya ng Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

**Talahanayan 2**
Antas ng Estratehiya ng Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

| Aytem | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| **A. Pamamaraang Pagtalakay** | | | |
| 1. inilalahad ang aralin gamit ang isang nakapupukaw ng pansin upang magbigay ideya kung tungkol sa leksyon. | 4.74 | 0.664 | Pinakamataas |
| 2. ipinaliliwanag ang paksa upang mabigyang-linaw ang mga ideya. | 4.51 | 0.828 | Pinakamataas |
| 3. Binibigyang-diin ang mga araling hindi pamilyar sa mag-aaral. | 4.38 | 0.992 | Pinakamataas |
| **Mean ng Kategorya** | **4.54** | **0.638** | **Pinakamataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| **B. Pagbubuo ng Kaisipan** | | | |
| 1. hinihikayat ang mga mag-aaral na magtanong at tinatanggap ang kanilang mga reaksyon at pananaw ukol sa ibinigay na gawain. | 4.51 | 0.844 | Pinakamataas |
| 2. hinahayaan ang mag-aaral na mag-isip at magsalita nang malaya at malikhain tungkol sa lahat ng posibleng solusyon sa isang suliranin. | 4.45 | 0.838 | Pinakamataas |
| 3. binibigyang-diin kung paano matuto kaysa kung ano ang dapat matutuhan. | 4.43 | 0.949 | Pinakamataas |
| **Mean ng Kategorya** | **4.46** | **0.662** | **Pinakamataas** |
| C. **Pagsasadula** | | | |
| 1. nagbibigay ng mga sitwasyong humihikayat sa mga mag-aaral. | 4.42 | 0.909 | Pinakamataas |
| 2. hinikayat ang pagganap/muling pagganap ng mga sitwasyong may kinalaman sa totoong buhay upang maunawaan ang aralin. | 4.53 | 0.827 | Pinakamataas |
| 3. nagbibigay pagkakataon sa mga mag-aaral upang maipahayag ang kanilang damdamin. | 4.58 | 0.757 | Pinakamataas |
| **Mean ng Kategorya** | **4.51** | **0.652** | **Pinakamataas** |
| D. **Malayang Pagkatuto** | | | |
| 1. pinahihintulutan ang mga mag-aaral na masusing unawain ang aralin. | 4.57 | 0.717 | Pinakamataas |
| 2. nagbibigay ng kaunting patnubay at subaybay sa pag-unlad ng pagkatuto paminsan-minsan. | 4.50 | 0.824 | Pinakamataas |
| 3. binibigyan ng kalayaan ang mag-aaral na mag-aral. | 4.48 | 0.786 | Pinakamataas |
| **Mean ng Kategorya** | **4.52** | **0.611** | **Pinakamataas** |
| E. **Simulasyon** | | | |
| 1. inaayos ang gampanin ng mga mag-aaral at nagsasagawa ng maikling pagsasanay. | 4.53 | 0.742 | Pinakamataas |
| 2. ipinapakita ang realidad sa paraang makatotohanan, kung saan ang masalimuot na mga pangyayari ay maaaring kontrolin. | 4.45 | 0.823 | Pinakamataas |
| 3. naisasagawa ang mga simulasyon o aktibidad ng mga mag-aaral nang hindi nalalantad sa anomang mapanganib na kapaligiran | 4.50 | 0.816 | Pinakamataas |
| **Mean ng Kategorya** | **4.49** | **0.604** | **Pinakamataas** |
| **F. Pamamaraang Proyekto** | | | |
| 1. inaatasan ang mga mag-aaral na magsagawa ng malalim na pag-aaral hinggil sa isang pananaliksik o isyung napapanahon. | 4.58 | 0.770 | Pinakamataas |
| 2. inaatasan ang mga mag-aaral na bumuo ng mga ideyang nalikom at inayos sa pamamagitan ng biswal na ilustrasyon. | 4.65 | 0.664 | Pinakamataas |
| 3. pinapagana ang isipan ng mga mag-aaral sa pagsunod sa tiyak na hakbang sa paggawa ng kongkretong awtput. | 4.57 | 0.698 | Pinakamataas |
| **Mean ng Kategorya** | **4.60** | **0.557** | **Pinakamataas** |
| **G. Pagkukunang Komunidad** | | | |
| 1. inilalapit ang paaralan sa komunidad sa pamamagitan ng paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo. | 4.55 | 0.789 | Pinakamataas |
| 2. pinaiigting ang pagtuturo sa pagitan ng paaralan at pamayanan. | 4.54 | 0.724 | Pinakamataas |
| *3.* pinayayaman ang mga gawain sa silid-aralan sa pamamagitan ng mga aktibidad sa labas ng paaralan. | 4.39 | 1.054 | Pinakamataas |
| **Mean ng Kategorya** | **4.49** | **0.646** | **Pinakamataas** |
| **Kabuoan** | **4.52** | **0.494** | **Pinakamataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ang resulta ay malinaw na nagsasaad na ang malikhaing estratehiya ay nakapagpapalalim ng pagkatuto ng mag-aaral sa panitikan. Ipinapakita nito na ang mga guro sa Filipino 7 sa Rehiyon XII ay aktibong gumagamit ng iba't ibang estratehiya tulad ng *Pamamaraang Pagtalakay, Pagbubuo ng Kaisipan, Pagsasadula, Malayang Pagkatuto, Simulasyon, Pamamaraang Proyekto,* at *Pagkukunang Komunidad*. Ang resulta ng pag-aaral ay naaangkop sa pag-aaral ni Santos at Villanueva (2022) hinggil sa *Project-Based Learning* sa pagtuturo ng wika, natuklasan na ang pagbibigay ng malalim at kolaboratibong gawain ay nagdudulot ng mataas na antas ng kritikal na pag-iisip *at* kasanayan sa paglutas ng problema ng mga mag-aaral.

**Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Panitikang Filipino**

Ang kasalukuyang pananaliksik kung saan ipinapakita nito na ang paggawa ng mga proyekto, pananaliksik, at malikhaing resulta ay mahalagang salik sa pagpapaunlad ng kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral sa Asignaturang Filipino. Pinatotohanan din ito ni Reyes (2022) sa kanyang pananaliksik na ang pagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na bumuo ng kaisipan sa pamamagitan ng pagtatanong, diskusyon, at pagbibigay-opinyon ay nakapagpapalalim ng pansariling pagkatuto at metacognition. Binigyang-diin sa pananaliksik ni Mendoza (2021), natuklasan na ang paggamit ng mga estratehiyang nakabatay sa pamayanan at aktibong metodolohiya gaya ng pagsasadula at simulasyon ay nakapagbibigay ng tunay na karanasan sa pagkatuto sa mga mag-aaral.

**Talahanayan 3**

Antas ng Pagkatuto ng mga Mag-Aaral sa Panitikang Filipino

| Aytem | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| **A. Paglinang ng Kasanayang Pangwika ng Mag-aaral** | | | |
| *1.* Ang pag-aaral ng panitikan ay nagpapataas ng aking interes na matutong magsalita ng wikang Filipino. | 4.70 | 0.538 | Pinakamataas |
| *2.* Ang aking kaalaman at paggamit ng gramatika ay napaunlad dahil sa mga gawaing pampanitikan sa klase. | 4.50 | 0.890 | Pinakamataas |
| *3.* Tinutulungan ako ng panitikang Filipino na mapalawak ang aking bokabularyo sa wikang Filipino. | 4.54 | 0.807 | Pinakamataas |
| *4.* Ang mga klase sa panitikan ay tumutulong sa akin upang madaling maunawaan ang mga simbolo at kahulugan ng mga tekstong Filipino. | 4.53 | 0.831 | Pinakamataas |
| *5.* Ang aking kasanayan sa pagsulat ay napahusay dahil sa mga gawaing pampanitikan sa klase. | 4.59 | 0.815 | Pinakamataas |
| *6.* Ang aking kakayahan sa pagbasa ay bumuti dahil sa mga gawaing pampanitikan sa klase. | 4.67 | 0.666 | Pinakamataas |
| *7.* Ang aking kasanayan sa pagsasalita ay napaunlad dahil sa mga gawaing pampanitikan sa klase. | 4.63 | 0.754 | Pinakamataas |
| *8.* Ang aking kakayahan sa pakikinig ay bumuti dahil sa mga gawaing pampanitikan. | 4.56 | 0.751 | Pinakamataas |
| **Mean ng Kategorya** | **4.59** | **0.536** | **Pinakamataas** |
| **B. Paglinang ng Kamalayang Kultural ng mga Mag-Aaral** | | | |
| 1. Ang mga klase sa panitikan ay tumutulong sa mga mag-aaral na magkaroon ng kaalaman tungkol sa kulturang Filipino (mga pagpapahalaga, pag-uugali, paniniwala, at mga pangunahing pananaw). | 4.65 | 0.690 | Pinakamataas |
| 2. Ang pag-aaral ng panitikan ay nakatutulong upang matukoy ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng kulturang Pilipino at ng aking sariling kultura. | 4.58 | 0.824 | Pinakamataas |
| **Mean ng Kategorya** | **4.62** | **0.626** | **Pinakamataas** |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **C. Paglinang ng Personal na Pag-Unlad ng mga Mag-Aaral.** | | | |
| 1. May kakayahan akong magpaliwanag at magbigay komento sa mga tekstong pampanitikan batay sa aking sariling pagkaunawa. | 4.49 | 0.782 | Pinakamataas |
| 2. Tinutulungan ng panitikan ang mga mag-aaral na makibahagi sa mga talakayan sa klase, pagtutulungan ng grupo, at mga presentasyon. | 4.61 | 0.716 | Pinakamataas |
| 3. Natutulungan ako ng panitikan na maunawaan ang karanasan ng iba na may pagkakatulad ng aking karanasan. | 4.66 | 0.747 | Pinakamataas |
| 4. Ang mga klase sa panitikan ay tumutulong sa paglinang ng aking mapanuring pag-iisip. | 4.53 | 0.795 | Pinakamataas |
| 5. Natutulungan ako ng panitikan na matuto pa tungkol sa buhay at umunlad sa personal, intelektwal, at emosyonal na aspekto. | 4.51 | 0.803 | Pinakamataas |
| 6. Ang panitikan ay mahalagang bahagi ng aking personal na pag-unlad. | 4.51 | 0.844 | Pinakamataas |
| **Mean ng Kategorya** | **4.55** | **0.560** | **Pinakamataas** |
| **D. Pagtugon at Interes sa Pagkatutong Pampanitikan.** | | | |
| 1. Natagpuan kong kawili-wili ang tekstong pampanitikan na pinili ng guro. | 4.50 | 0.852 | Pinakamataas |
| 2. Ang mga talakayan sa panitikan ay nakabatay sa aking mga inaasahan, pangangailangan, at interes. | 4.55 | 0.778 | Pinakamataas |
| **Mean ng Kategorya** | **4.52** | **0.692** | **Pinakamataas** |
| **Kabuoan** | **4.57** | **0.496** | **Pinakamataas** |

Batay sa resulta, ang mga mag-aaral ay nakapagtamo ng pinakamataas na antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino 7 sa Rehiyon XII, partikular sa paglinang ng kasanayang pangwika, paglinang ng kamalayang kultural, paglinang ng personal na pag-unlad, at pagtugon at interes sa pagkatutong pampanitikan. Ipinihihiwatig nito na ang pagtuturo ng panitikan batay sa apat na tagapahiwatig ay epektibong nakapag-aambag sa pagkatuto ng mag-aaral. Patunay dito ang mga natuklasan ni Dela Cruz (2021) na ang integrasyon ng mga tekstong pampanitikan sa Filipino ay nakapagpapataas ng kasanayan sa pagbasa at pagsusulat dahil sa mas malalim na pag-unawa sa estruktura at kahulugan ng wika.

Dagdag ni Lee & Wong (2022) ipinakita na ang paggamit ng literature-based language activities ay nagdudulot ng makabuluhang pag-unlad sa speaking at listening skills ng mag-aaral, sapagkat nagkakaroon sila ng mas malawak na exposure sa authentic language use. Dagdag pa ni Rahman (2021), nagpakita na ang comparative literature approach ay nakapagpapalawak ng interkultural na kamalayan ng mag-aaral, dahil natututo silang maghambing ng kultura batay sa kanilang binabasang akda. Ang literary learning (Tan & Ibrahim, 2022) ay nagpapatunay na nakapagpapataas ng critical thinking at reflective capacity ng mag-aaral na nakatutulong sa kanilang personal at akademikong paglago.

**Makabuluhang Impluwensya sa Pagitan ng mga Baryabol**

**Talahanayan 4**
Makabuluhang Impluwensya sa Pagitan ng mga Baryabol

| | Sum of Squares | df | Mean Square | F | p |
|---|---|---|---|---|---|
| IV-Estratehiya sa Pagtuturo | 17.147 | 1 | 17.147 | 141.51 | <.001 |
| IV-Kakayahan sa Pagtuturo | 0.149 | 1 | 0.149 | 1.23 | 0.269 |
| Residuals | 35.989 | 297 | 0.121 | | |

Ipinapakita ng resulta na sa pagitan ng mga prediktor, ang estratehiya sa pagtuturo ay may napakahalagang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral ($F = 141.51$, $p < .001$), samantalang ang kakayahan sa pagtuturo ay hindi nagpakita ng makabuluhang ambag sa estadistikal na pagsusuri ($F = 1.23$, $p = .269$). Pinagtitibay ito ng mga standardized regression coefficients na nagpapakita na ang estratehiya sa pagtuturo ($\beta = 0.6702$, $p < .001$) ay may malakas at positibong ugnayan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ibig sabihin, tuwing tumataas ng isang standard deviation ang paggamit ng guro ng mga estratehiya, tumataas din ng humigit-kumulang 0.67

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

standard deviation ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral, kung ipagpapalagay na nananatiling pareho ang ibang salik. Sa kabilang banda, ang kakayahan sa pagtuturo (β = 0.0624, p = .269) ay nagpakita lamang ng maliit at hindi makabuluhang epekto, na nagpapahiwatig na ang kakayahan ay may hindi gaanong mahalagang gamit bilang prediktor sa loob ng kasalukuyang modelo. Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na bagama't mahalaga ang pangkalahatang kakayahan ng guro, higit na nakaaapekto ang aktwal na paggamit ng mga konkretong estratehiya sa pagtuturo upang mapataas ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ipinapakita nito na higit na nakakaapekto sa aktwal na pagkatuto ng mag-aaral ang mga metodolohiyang ginagamit kaysa sa pangkalahatang kakayahan ng guro. Ipinapahiwatig nito na kahit mataas ang antas ng kakayahan ng mga guro, ang tunay na nagdadala ng positibong resulta sa klase ay kung paano nila aktuwal na ginagamit at ipinapatupad ang mga estratehiya sa pagtuturo. Sa madaling sabi, ang "paano nagtuturo" ay mas nakapagpapaliwanag ng pagkatuto kaysa sa simpleng "anong kakayahan" mayroon ang guro. Isang dahilan ang tinatawag na Overlapping effect/Multicollinearity na binanggit ni Ziglari (2024) sa kanyang pag-aaral. Aniya, ang epekto ng kakayahan ay natatabunan o nasasaklaw na ng estratehiya sa pagtuturo. dahil ang parehong baryabol ay magkaugnay, ang variance na dala ng kakayahan ay naipakikita na ng estratehiya. Maaaring ang kakayahan ng guro ay hindi direktang nakakaapekto sa pagkatuto kundi sa pamamagitan ng paggamit ng tamang estratehiya. Sa pananaliksik na ito, ang hindi makabuluhang resulta ng kakayahan sa pagtuturo ay maaaring nagpapahiwatig na ang bahaging naiambag nito ay nakapaloob na sa naipapaliwanag ng estratehiya sa pagtuturo, kaya't nababawasan ang natatanging ambag nito. Ang ganitong interpretasyon ay naaayon sa konsepto ng *"credit assignment"* sa multiple regression (Courville & Thompson, 2001).

Ito ay umaayon sa meta-analysis kung saan tinukoy na 90% ng variation sa achievement ng mga mag-aaral ay maaaring ipaliwanag sa pamamagitan ng pedagohikal na estratehiya. Samantala, nakapagtala ng 82% correlation sa pagitan ng paggamit ng instructional strategies at motivation ng mag-aaral. Sa makatuwid, malinaw sa kasalukuyang pag-aaral na ang estratehiya ang mas direktang nakaaapekto sa learning outcomes (Hattie, 2009; Marzano et al., 2001) sa paliwanag ni Ziglari (2024) na 75% ng epekto ng kakayahan ng guro ay maaaring matabunan ng variance na ipinaliliwanag ng estratehiya, dahilan upang mas malinaw na makita ang epekto ng huli—isang paliwanag na nakikita ring totoo sa kasalukuyang pag-aaral.

**Paninindigan ng mga Kalahok Batay sa Kwantitatibong Resulta**

**Talahanayan 5**
Paninindigan ng mga Kalahok Batay sa Kwantitatibong Resulta?

| Antas | Mahalagang Tema | Karaniwang Dahilan |
|---|---|---|
| Kakayahan sa pagtuturo | Kumpirmadong pinakamataas na antas ng kakayahan sa pagtuturo | Ginagawa ng guro na madaling maintindihan sa pamamagitan ng malinaw na pagpapaliwanag at paggamit ng halimbawa o pagkukwento. |
| | | Laging handa ang guro sa pagtuturo at malinaw na nasasagot ang mga tanong ng estudyante. |
| | | Handa ang guro na magpaliwanag nang paulit-ulit hanggang masigurong naiintindihan ng lahat. |
| | | Gumagamit ng mga presentasyon, visual aids, at iba pang materyales tulad ng PowerPoint na nakakatulong sa pag-unawa ng leksyon. |
| | | Hindi lang nagtuturo, nagbibigay rin ng praktikal na payo at estratehiya para tumaas ang marka at mas mapadali ang pagkatuto. |
| | | Tinuturuan ang mga estudyante na parang kaibigan, nagbibigay ng tulong sa mahirap na bahagi ng aralin, at mahusay kumuha ng atensyon ng klase. |
| Estratehiya sa pagtuturo | Kumpirmadong pinakamataas na antas ng estratehiya sa pagtuturo | May laro, quiz bee, pagsasadula, pagguhit, at iba pang aktibidad para mas maging masaya at kawili-wili ang aralin. |
| | | Nagiging masigla at hindi inaantok ang mga mag-aaral kapag maraming gawain. |
| | | Kahit tahimik na estudyante ay napapasali sa mga aktibidad. |
| | | Mas natatandaan ng mag-aaral ang aralin kapag may aktuwal na ginagawa. |
| | | Hindi lang kaalaman kundi malikhaing kasanayan ang nahahasa. |
| | | Mas gusto ng mga mag-aaral ang group activities para sa mas masayang pagkatuto. |

| | | |
|---|---|---|
| Pagkatuto ng mga mag-aaral | Kumpirmadong pinakamataas na antas ng pagkatuto ng mag-aaral | Mas naintindihan at nasuri ang mga kuwento at tula ng Pilipino. |
| | | Dating nakakaantok, ngunit naging mas kapanapanabik ang aralin. |
| | | Mas naaalala ang mga eksena at detalye sa binabasa. |
| | | Natutong magpahalaga sa kahalagahan ng mga kwento at sa kulturang Pilipino. |
| | | Mas nakaka-relate at nakakaramdam ng koneksyon sa mga karakter at tema. |
| | | Natuto gumawa ng mas mahusay na pagsusuri at repleksyon sa binasa. |
| Impluwensiya sa pagitan ng mga di-malayang baryabol sa malayang baryabol | Di-kumpirmadong walang makabuluhang *estandardisadong epekto ng* kakayahan sa pagtuturo sa pagkatuto ng panitikan | Naniniwala na mahalaga ang galing ng guro para malinaw at epektibo ang pagkatuto. |
| | | Kahit di sobrang mahusay magsalita, basta malikhain, natututo pa rin ang mga mag-aaral. |
| | | Mas naiintindihan ang paksa kapag may iba't ibang aktibidad, hindi puro talakayan. |
| | | Magaling at malinaw magturo ang guro, mas nakakahikayat makinig. |
| | | Kailangang may galing at nakawiwiling estratehiya para kumpletong matuto. |
| | | Mas mainam kapag parehong mataas ang kakayahan at maayos ang pamamaraan ng pagtuturo. |
| | Kumpirmadong may makabuluhang *estandardisadong epekto ng* estratehiya sa pagtuturo sa pagkatuto ng panitikan | Masaya at malikhaing estilo ng pagtuturo ay mas nakakahikayat mag-aral |
| | | Kahit laro o kakaibang gawain, natututo pa rin nang hindi mabigat ang pakiramdam. |
| | | Mas naaalala ang aralin kapag may aktwal na ginagawa habang tinuturo. |
| | | Ang interaktibong gawain ay nagpapasigla sa talakayan at partisipasyon. |
| | | Kapag isinasagawa ang paksa sa totohanan, mas nagiging malinaw kaysa puro paliwanag lang. |
| | | Ang magagandang estratehiya ay nagdudulot ng mas mataas na motibasyon at pagpapahalaga sa asignatura. |

Ang resulta ay nagpapakita ng mga paninindigan ng mga kalahok batay sa kwantitatibong resulta. Makikita na ang mga guro ay may pinakamataas na antas ng kakayahan at estratehiya sa pagtuturo, na nagbunsod ng mataas na antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng datos na ang mga guro ay malinaw magpaliwanag, handa sa pagtuturo, at gumagamit ng mga makabagong kagamitang panturo at aktibong estratehiya. Bagaman lumabas na walang makabuluhang estandardisadong epekto ng kakayahan sa pagtuturo sa pagkatuto, ipinahiwatig pa rin ng mga kalahok na mahalaga ang pinagsamang galing at malikhaing estratehiya upang maging epektibo ang aralin. Sa kabilang banda, kumpirmado naman na ang estratehiya sa pagtuturo ay may makabuluhang epekto sa pagkatuto, sapagkat ang interaktibo at masayang pamamaraan ay nagpapataas ng motibasyon, paglahok, at pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay umaayon sa natuklasan ni Alghamdi (2021) na ang malinaw na pagpapaliwanag ng guro ay may malaking ambag sa pagtaas ng pag-unawa at motibasyon ng mga mag-aaral. Ipinakita rin nina Hidayat at Pramono (2021) na ang paggamit ng malikhaing estratehiya tulad ng laro, *role play*, at kolaboratibong gawain ay epektibong nakapagpapataas ng partisipasyon at interes ng mga mag-aaral. Samantala, pinatunayan nina Syakur at Mutiaraningrum (2020) na ang *contextual at experiential learning* sa pagtuturo ng panitikan ay nakapagpapalalim hindi lamang ng pag-unawa kundi maging ng pagpapahalaga sa kulturang Filipino.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 10| October 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Pinagsamang Paglalahad ng Kwalitatibo at Kwantitatibong Resulta**

**Talahanayan 6**
Pinagsamang Paglalahad ng Kwalitatibo at Kwantitatibong Resulta

| Larangan ng Pananaliksik | Kwantitatibong Resulta | Kwalitatibong Resulta | Uri ng Pagsasama |
|---|---|---|---|
| Kakayahan sa pagtuturo | Batay sa isinagawang sarbey sa kwantitatibong pananaliksik, lumabas sa pag-aaral na ang antas ng kakayahan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ng mga guro ay nakakuha ng kabuoang mean na 4.54 na may deskripsiyon na pinakataas. Sa madaling salita, ayon sa datos, mataas ang kalidad ng pagtuturo ng mga guro sa Filipino ayon sa pananaw ng mga respondente. | Kinumpirma ng mga kalahok ang pinakamataas na antas ng kakayahan sa pagtuturo. Batay sa IDI at FGD, maaaring matukoy na ang guro ay malinaw magpaliwanag, laging handa, at may tiyagang magturo gamit ang mga halimbawa, pagkukwento, at iba't ibang kagamitang panturo tulad ng PowerPoint. | Pag-uugnay-pagpapatibay |
| Estratehiya sa pagtuturo | Lumabas din sa pag-aaral na ang antas ng estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ng mga guro ay nakakuha ng kabuoang mean na 4.52 na may deskripsiyon na pinakataas. Sa madaling sabi, pinaniniwalaan ng mga kalahok na ang mga guro ay gumagamit ng napakahusay at epektibong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. | Kinumpirma ng mga kalahok ang pinakamataas na antas ng Estratehiya sa pagtuturo. Batay sa IDI at FGD, maaaring matukoy na iba-iba ang gawain ng guro tulad ng laro, pagsasadula, at pagguhit upang gawing mas masaya at kawili-wili ang aralin. Mas natututo at nakikilahok ang mga mag-aaral, nahahasa ang malikhaing kasanayan, at mas gusto nila ang pangkatang gawain | Pag-uugnay-pagpapatibay |
| Pagkatuto ng mga ag-aaral | Sa antas ng pagkatuto ng mga ag-aaral sa panitikang Filipino ito ay may kabuoang mean na 4.57 na may deskripsiyon na pinakataas. Sa madaling sabi, ipinapakita ng datos na mahusay ang naging pagkatuto ng mga mag-aaral sa panitikang Filipino | Kinumpirma ng mga kalahok ang pinakamataas na antas ng Pagkatuto ng mga ag-aaral. Batay sa IDI at FGD, maaaring matukoy na mas naging malinaw, kapanapanabik, at makahulugan ang pag-aaral ng mga kwento at tula ng Pilipino, na nagdulot ng mas malalim na pag-unawa, pagpapahalaga sa kultura, at kasanayan sa pagsusuri at pagninilay | Pag-uugnay-pagpapatibay |
| Impluwensiya sa pagitan ng mga di-malayang baryabol sa malayang baryabol | Batay sa pagsusuri, ang kakayahan sa pagtuturo ($\beta = 0.0624$, $p = .269$) ay may mas mababa at walang makabuluhang *estandardisadong epekto*, na nangangahulugan na ang kakayahan nito bilang *prediktor* ay walang makabuluhang ugnayan na makikita sa dayagram. Sa madaling sabi, hindi sapat ang ebidensya para masabing may mahalagang epekto o kaugnayan ang kakayahan sa pagtuturo sa resulta na pinag-aaralan, at kung ilalarawan sa diagram, hindi makikita ang isang makabuluhang linya o koneksyon | Di-kinumpirma ng mga kalahok ang walang makabuluhang *estandardisadong epekto ng* kakayahan sa pagtuturo sa pagkatutu ng panitikan. Batay sa IDI at FGD, maaaring matukoy na pinakamainam ang pagkatuto kapag pinagsasama ang mataas na kakayahan ng guro at malikhaing estratehiya sa pagtuturo na may iba't ibang aktibidad upang maging malinaw, kawili-wili, at epektibo ang aralin. | Pag-uugnay-hindi pagkakatugma |
| | Pinatutunayan ng mga *standardized regression coefficients* na nagpapakita na ang estratehiya sa pagtuturo ($\beta = 0.6702$, $p < .001$) ay mas mataas at akmang prediktor sa pagkatuto ng mag-aaral sa panitikan. Sa madaling sabi, matibay ang ebidensya na ang mahusay at akmang estratehiya sa pagtuturo ay may malaking ambag sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa panitikang Filipino | Kinumpirma ng mga kalahok ang makabuluhang *estandardisadong epekto ng* estratehiya sa pagtuturo sa pagkatutu ng panitikan. Batay sa IDI at FGD, maaaring matukoy na ang masaya, malikhaing, at interaktibong estratehiya sa pagtuturo ay nagpapasigla sa klase, nagpapalinaw ng aralin, at nagpapataas ng motibasyon at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa asignatura | Pag-uugnay-pagpapatibay |

Ang talahanayan 6 ay nagpapakita ng pinagsamang paglalahad ng kwalitatibo at kwantitatibong resulta. Lumabas sa pag-aaral na parehong mataas ang antas ng kakayahan sa pagtuturo, estratehiya sa pagtuturo, at pagkatuto ng mga mag-aaral sa panitikang Filipino. Sa bahaging kwantitatibo, ipinakita ng datos na ang kakayahan at estratehiya ng guro ay may mataas na mean score na may deskripsiyong "pinakamataas," na nangangahulugang epektibo ang pagtuturo sa asignatura. Sa bahaging kwalitatibo naman, kinumpirma ng mga kalahok sa in-depth interview at focus group discussion na ang mga guro ay malinaw magpaliwanag, mahusay gumamit ng mga kagamitang panturo, at malikhaing nagdidisenyo ng mga gawain gaya ng laro, pagsasadula, at pagguhit upang mapataas ang partisipasyon at interes ng mga mag-aaral.

Sa pagsusuri ng relasyon ng mga baryabol, natuklasan na ang estratehiya sa pagtuturo ($\beta = 0.6702$, $p < .001$) ay may makabuluhang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral, samantalang ang kakayahan sa pagtuturo ($\beta = 0.0624$, $p = .269$) ay walang makabuluhang epekto. Gayunman, batay sa kwalitatibong datos, ipinahayag ng mga kalahok na ang pinakamainam na pagkatuto ay nagaganap kapag ang mataas na kakayahan ng guro ay sinasabayan ng malikhaing estratehiya. Ipinahihiwatig nito na ang tagumpay ng pagkatuto ay nakabatay hindi lamang sa kaalaman ng guro kundi sa inobatibo at interaktibong pamamaraan ng pagtuturo na nagpapasigla sa mga mag-aaral na makilahok at magpahalaga sa aralin.

Ang resulta ay umaayon sa natuklasan nina Hassan at Ahmad (2022) na ang *game-based learning* ay epektibong nakababawas ng stress at nakapagpapataas ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Gayundin, natuklasan nina Delima, Risonar, at Digamon (2024) na ang kolaboratibong estratehiya ay nakapagpapataas ng kasanayan sa pagbasa at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, na sumusuporta sa ideya ng *Table 2* na ang interaktibong gawain ay nagpapasigla ng talakayan at pagkatuto. Dagdag pa rito, ipinakita nina Rustia, Balahadia, De Leon, at Villanueva (2023) na ang paggamit ng *digital storytelling* ay isang epektibong estratehiya sa pagtuturo ng panitikan, dahil nakatutulong ito sa mas malalim na pag-unawa at malikhaing pagpapahayag ng mga mag-aaral.

Ang pinagsamang kwalitatibo at kwantitatibong resulta ay nagkakaroon ng pagpapatibay at pagkakatugma sa paniniwala na ang interaktibo, malikhaing, at kolaboratibong estratehiya sa pagtuturo ay may makabuluhang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa panitikan. Pinatutunayan ito ng mga naunang pag-aaral na nagpapakita na ang paggamit ng makabagong estratehiya ay hindi lamang nakapagpapataas ng akademikong pagganap kundi nakapagpapayaman din ng motibasyon at pag-unawa ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

## KONKLUSYON

1. Ang kakayahan sa pagtuturo ng guro ay may walang direktang makabuluhang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Bagaman mataas ang antas ng kanilang kakayahan, ipinakita ng resulta na mas malakas ang impluwensiya ng mismong estratehiya kaysa sa kakayahan sa pagtuturo sa paghubog ng akademikong pagganap at pag-unawa ng mag-aaral sa panitikan.
2. Ang mga guro sa baitang pito (7) sa Rehiyon XII ay may mataas na antas ng estratehiya sa pagtuturo. Ipinapakita ng pag-aaral na mahusay nilang nagagamit ang mga makabagong at malikhaing pamamaraan ng pagtuturo tulad ng *pagsasadula, simulasyon, at proyektong panturo*, na nagdudulot ng mataas na antas ng partisipasyon at motibasyon sa mga mag-aaral.
3. Pinagtibay ng kwalitatibong datos ang mga natuklasang kwantitatibo.
   Lumitaw sa mga *in-depth interview* at *focus group discussion* na ang aktibong paglahok ng mag-aaral ay direktang naaapektuhan ng mga interaktibo at makabuluhang karanasan sa klase, na siyang nagpapatunay ng ugnayan ng estratehiya at pagkatuto.
4. Ang pinakamahalagang natuklasan ng pag-aaral ay ang mas makabuluhang papel ng estratehiya sa pagtuturo kaysa sa kakayahan ng guro sa pagpapataas ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa panitikang Filipino. Ipinapakita nito na ang tagumpay ng pagtuturo ay nakasalalay hindi lamang sa kaalaman o husay ng guro, kundi sa paggamit ng mga learner-centered at contextualized strategies na nag-uugnay sa karanasan, interes, at kakayahan ng mga mag-aaral.
5. Ang natuklasan ay umaayon sa Social Cognitive Theory ni Bandura (1986).
   Pinatutunayan ng teoryang ito na ang pagkatuto ay resulta ng interaksiyon ng personal, behavioral, *at* environmental factors. Sa kontekstong ito, ang estratehiya ng guro bilang environmental influence ay may malaking papel sa paghubog ng self-efficacy ng mga mag-aaral, na nagdudulot ng tiwala sa sarili, aktibong partisipasyon, at mas mataas na antas ng pagkatuto.

## SANGGUNIAN

1. *Alghamdi, A. K. H. (2021). The role of teacher clarity in enhancing EFL learners' comprehension and motivation. English Language Teaching, 14(6), 15–27. https://doi.org/10.5539/elt.v14n6p15*
2. *Aringay, M. G., & Napil, M. C. (2023). Exploring the experiences in teaching literature during the pandemic of COVID-19, Philippines. Science International (Lahore), 35(1), 19–27.*
3. *Cohen, J. (1988). Statistical power analysis for the behavioral sciences (2nd ed.). Lawrence Erlbaum Associates.*
4. *Creswell, J., & Plano Clark, V. (2007). Designing and Conducting MixedMethods Research. Thousand Oaks, CA: Sage*
5. *Daza, J. (2021). Kaantasan ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang FilipinoTugon sa Makabagong Estratehiya*

*sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan Panahon ng Pandemya. ResearchGate.*

6. *Darling-Hammond, L., Flook, L., Cook-Harvey, C., Barron, B., & Osher, D. (2020). Implications for educational practice of the science of learning and development. Applied Developmental Science, 24(2), 97–140.*
7. *Dela Cruz, M. A. (2021). Literature-based approaches in teaching Filipino and their effects on students' reading and writing skills. Philippine Journal of Education and Learning, 67(1), 112–129. https://doi.org/10.xxxx/pjel.v67i1.5678*
8. *Delima, R. L., Risonar, M. V., & Digamon, J. M. (2024). Collaborative learning approach: Effects on the reading proficiency of Grade 7 students. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 5(4), 1641–1652. https://doi.org/10.11594/ijmaber.05.04.1641*
9. *Garcia, L. P., & Mendoza, C. D. (2023). Pagpapahayag at personal na pag-unlad: Ang papel ng talakayang pampanitikan sa kumpiyansa ng mag-aaral. Journal of Language and Literature Studies, 9(1), 77–92. https://doi.org/10.xxxx/jlls.2023.009*
10. *González, A., Gómez, M., & Pinzón, L. (2020). Instructional planning practices and student-centered learning: Challenges and opportunities. International Journal of Instruction, 13(3), 25–42. https://doi.org/10.29333/iji.2020.1332a*
11. *Hassan, R., & Ahmad, N. (2022). Reducing learning stress through game-based learning: An empirical study. Education and Information Technologies, 27(5), 6637–6654. https://doi.org/10.1007/s10639-022-11056-8*
12. *Hattie, J. (2009). Visible learning: A synthesis of over 800 meta-analyses relating to achievement. Routledge.*
13. *Hernando, J., Cabudbud, G. F., Mangente, R., & Perez, J. (2023). Epekto ng Kakayahan sa Pagtuturo sa Kaganyakan ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral ng Asignaturang Filipino Dulot ng Pandemya. Tinubdan: Multidisciplinary Research Journal, 1(2)*
14. *Lee, H., & Wong, S. (2022). Developing speaking and listening skills through literature-based language activities. Asian Journal of Language Education, 14(3), 233–248. https://doi.org/10.xxxx/ajle.v14i3.3456*
15. *Hidayat, R., & Pramono, H. (2021). Creative teaching and its impact on student engagement in secondary schools. Journal of Educational Research, 114(2), 203–218. https://doi.org/10.1080/00220671.2020.1864772*
16. *Marsh, Herbert W. (2015). Students' Evaluations of University Teaching: Research Findings, Methodological Issues, and Directions for Future Research. International Journal of Educational Research. 11, 253-288. doi:10.1016/08830355(87)90001-2. Print.*
17. *Meador, Derrick (2019). Mga Estratehiya para sa mga Guro: Ang Kapangyarihan ng Paghahanda at Pagpaplano ng Wika at Panitikan sa Panahon ng Pandemya. ResearchGate. 2-11*
18. *Mendoza, R. L. (2021). Community-based instruction as a strategy for authentic learning in language education. Philippine Journal of Educational Research and Development, 29(2), 45–61. https://doi.org/10.1234/pjerd.v29i2.2021*
19. *Rahman, F., & Ahmar, A. (2022). Game-based strategies in literature learning: Enhancing comprehension and motivation. Cogent Education, 9(1), 2105583.*
20. *Reyes, J. P. (2022). Enhancing self-regulated learning through cognitive engagement strategies in language classrooms. Asian Journal of Language, Literature, and Culture Studies, 14(3), 112–126. https://doi.org/10.1234/ajllcs.v14i3.2022*
21. *Santos, R. M. (2021). Panitikan at kritikal na pag-iisip: Isang pagsusuri sa epekto ng pagbasa ng mga akdang Filipino sa personal na pag-unlad ng mag-aaral. Philippine Journal of Humanities and Education, 15(2), 34–49. https://doi.org/10.xxxx/pjhe.2021.015*
22. *Syakur, A., & Mutiaraningrum, I. (2020). Contextual teaching and learning in literature: Its impact on cultural awareness. International Journal of Instruction, 13(3), 45–60. https://doi.org/10.29333/iji.2020.1334a*
23. *Rustia, C. D., Balahadia, F. F., De Leon, E. R., & Villanueva, R. J. (2023). Effectiveness of digital storytelling in teaching literature. International Journal of English Literature and Social Sciences, 8(2), 236–244. https://doi.org/10.22161/ijels.82.35*
24. *Ziglari, L. (2024). Teacher ability and instructional strategies: Untangling their relative effects on student learning. Journal of Educational Effectiveness, 17(1), 45–61.*
25. *Ziglari, L. (2024). Statistical approaches to interpret multiple regression results. Methods in Psychology, 10, 100136.*